


9

Filipino

Unang Markahan – Modyul 3: Panitikang Asyano Tula ng Pilipinas



Filipino – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Panitikang Asyano – Tula ng Pilipinas
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jennifer S. Ontolan

Editor: Jeriel B. Caracol

Tagasuri: Anita D. Subebe, Susan S. Bellido, Maria Laarni M. Recentes, Almera M. Carido, Emma P. Tormis, Mary Antoniette E. Wahing, Marilisa Malagueño, at Nelia S. Lim

Tagaguhit: Jennifer S. Ontolan, Swelyn E. Forro, Ichyll Q. Daguinotas, Dianne T. Sabaricos

Tagalapat: Marvin D. Barrientos

Tagapamahala: Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Ma. Liza R. Tabilon

Lilia E. Abello

Evelyn C. Labad

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino
Unang Markahan – Modyul 3:
Panitikang Asyano-
Tula ng Pilipinas

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Binabati kita dahil nasa pangatlong bansa ka na. Naririto akong muli upang gabayan ka sa paglalakbay na ito. Muli ako si Kokoy, ang gagabay sa paglalakbay na ito. Alam kong nasasabik ka na sa mga inihanda kong gawain

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang nobela bilang isa sa mga salamin ng kultura ng alinmang bansa. Nabasa mo ang nobela ng Indonesia na pinamagatang “Ang Takipsilim ng Dyakarta” na salin ni Aurora E. Batnag at “Timawa” ni Agustin Fabian ng Pilipinas. Natutuhan mo rin ang kaibahan ng katotohanan at opinyon.

Ngayon, ihanda mo ang iyong sarili para pag-aralan ang mahahalagang kaalaman tungkol sa tula.

Kaya nga pagkatapos ng paglalakbay natin inaasahan ko na magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Naiuugnay ang sariling damdamin sa damdaming inihayag sa napakinggang tula. **(F9PN-le-41)**
2. Nailalahad ang sariling pananaw ng paksa sa mga tulang Asyano. **(F9PB-le-41)**
3. Natutukoy at naipaliliwanag ang magkakasingkahulugan ng pahayag sa ilang taludturan. **(F9PT-le-41)**
4. Naisusulat ang ilang taludtod sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng isang bansang Asyano. **(F9PU-le-43)**

Nakahanda ka na ba? Tara na!



Subukin

*Huwag kang mag-alala.
Panimulang pagsubok
lamang ito.*




Panuto: Basahin at unawain mo nang mabuti ang sumusunod na pahayag. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.


1. Pakinggan mo ang tulang “*Isang Punongkahoy*” ni Jose Corazon de Jesus sa link na, <https://m.youtube.com/watch?v=AdJhfkW2hhA>. Ipabasa mo sa iyong magulang o kasama sa bahay ang tulang at pakinggan itong mabuti. Anong damdamin ang nangingibabaw sa tula?
 - A. nalulungkot
 - B. tumatangis
 - C. nababagot
 - D. naiinis
2. Ano ang karanasan ng may-akda sa tula?
 - A. Naging pabaya sa sarili
 - B. Umiiyak dahil sa kalungkutan
 - C. Malubha ang kaniyang karamdaman
 - D. Nagumon ang sarili sa bisyo at karangyaan
3. Paano maihahalintulad ang punongkahoy sa buhay ng tao?
 - A. Ang puno at ang tao ay parehong nalalagas.
 - B. Gaya ng puno. Ang buhay ng tao ay marupok.
 - C. Ang puno ay tanim, samantalang ang tao ay nilalang.
 - D. Magkapareha ang puno sa taong dumaranas ng kaginhawahan sa buhay.
4. Sa bandang huli, ano ang nangyayari sa mga dahon?
 - A. nalalagas dahil sa katandaan
 - B. ginawang pugad ng mga ibon
 - C. ginawang korona sa hukay
 - D. tagabantay sa hukay
5. Sa alin maiuugnay ang kandila sa sariling buhay?
 - A. isang nakadipang krus
 - B. pugad ng mga ibon
 - C. sariling libingan
 - D. tubig sa batis



6. Sa tulang “Ang Punongkahoy”, ano ang kahulugan ng pahayag sa saknong VI?
- Ang kaniyang ginawa ay inspirasyon sa iba.
 - Malapit na siyang ihatid sa huling hantungan.
 - Nagsisisi siya dahil sa bata pa ay may bisyo na.
 - Nawala ang kaligayahan niya at napalitan ng kalungkutan.
7. Ano ang sinisimbolo ng hangin sa tulang “Ang Guryon” ni Ildfonso Santos?
- magkakaroon ng tibay ang loob
 - maabot ang mga pangarap
 - mga pagsubok sa buhay
 - sagabal sa buhay
8. Mula sa larawan sa ibaba, ano ang kaugnayan nito sa iyong buhay?
- Sa buhay, minsan mapupunta sa mababa at mataas ang pagpapalipad ng saranggola.
 - Nagsisikap ang magulang para matayog ang pagpapalipad ng saranggola.
 - Nais pasayahin ng magulang ang anak sa pagpapalipad ng saranggola.
 - Nagsisilbing gabay ang mga magulang sa pagpapalaki sa mga anak.
9. Ano ang simbolo ng guryon?
- pamumuhay
 - pangarap
 - pag-asa
 - buhay
10. Batay sa larawan sa ibaba, anong pahayag sa tula ang tinutukoy nito?
- Ang buhay ay guryon.
 - Matalino ang gumagawa ng guryon.
 - Mas matatag ang humahawak ng guryon.
 - Maraming pagsubok ang nagpapalipad ng guryon.



Naging madali ba sa iyo ang bahaging Subukin? Lagyan mo ng tsek ang bilohaba ang nagpapahayag ng inyong saloobin.



Aralin 1

Tula ng Pilipinas: Isang Punongkahoy Ang Guryon

*Makulay ang naging paglalakbay natin sa pagtuklas sa mahiwagang daigdig ng Indonesia. Ngayon, galugarin naman natin ang Pilipinas at tuklasin ang mundo ng panulaan dito. Ang **Araling 1.3** ay naglalaman ng tula nina Jose Corazon de Jesus at Ildefonso Santos na pinamagatang “Isang Punongkahoy” at “Ang Guryon”. Bahagi ng aralin ang pag-uugnay sa sariling damdaming inihayag ng mga tula.*



Balikan

Sa nakaraang aralin, tinalakay natin ang konsepto ng nobela. Bahagi rin sa talakayan ang mga pahayag na ginamit sa pagbibigay opinyon na makatutulong sa mga mag-aaral upang makapagbigay ng sariling interpretasyon sa mga pahiwatig na ginamit sa akda. Tulad ng tula, ito rin ay nagpapakita ng mga pahiwatig.

Ano ba ang naalala ninyo tungkol sa nobela? Narito ang ilang gawain na susubok sa iyong pag-aaral tungkol sa mga pahayag sa pagbibigay ng opinyon.

Gawain 1. OPINYON KO LANG

Panuto: Dugtungan mo ang pahayag sa pagbuo ng iyong opinyon.

Ang Pag-init ng Mundo

Sa tingin ko _____



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay naglalaman ng akdang tula ng Pilipinas na lumilinang sa mga batayang kasanayan ng Filipino 9.

Nakatuon ang pag-aaral sa mga tulang akda mula sa Pilipinas at sinusuri ito upang lalong maunawaan ang hatid ng bawat saknong na kaugnay sa buhay ng bawat mag-aaral.



Tuklasin

Kaibigan basahin mo ang tulang sinulat ni Jose Corazon de Jesus na pinamagatang “Isang Punongkahoy”, na matatagpuan sa dating batayang aklat ng DepEd para sa ikatlong taon, Wika at Panitikan 3 sa pahina 191 hanggang 192. Pagkatapos ay ibigay mo ang hinihinging impormasyon sa ibaba.



Maraming salamat kaibigan sa matiyaga mong pagbabasa. At upang higit pang mapalalim ang iyong kaalaman sa binasang tula, tara! simulan natin ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Higit pang madagdagan ang alam mo tungkol sa tulang, “Isang Punongkahoy”.

Alam kong kayang-kaya mo ito!



Suriin

Gawain 2 Hanapin mo ang kahulugan ng mga salitang nasa Hanay kahoy sa mga salitang nasa loob ng dahon. Isulat ang titik sa sagutang papel.

HANAY DAHON



_____ 1.



_____ 2.






_____ 3.



_____ 4.

HANAY KAHOY



Isa pang gawain ang inihanda ko para sa 'yo! Kayang-kaya mo to! Dito matutuhan mo ang paksa, simbolismo, o maging pananaw ng may-akda.




Gawain 3

Basahin ang mga pahayag. Kilalanin at isulat sa bilog ang tsek (/) kung ito ay may kaugnayan sa tula at ekis (X) naman kung hindi.

1. Ang tao, gaano man kaganda ang buhay, gaya ng paglagas ng mga dahon ay kusa ring mawawala.
2. Ang buhay ay di masasayang kung ito'y pinag-iingatan.
3. Ang katotohanan, na ang tao ay nangangamba sa kalikasan.



Kaya pa ba?



Pagyamanin

Gawain 4. Ikonek Mo!

Piliin at isulat ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap. Piliin sa hanay saranggola ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Hanay (Ulap)




1. Bihira ang nagpapalipad ng guryon sa panahon ng pandemya.
2. Tibayan ang pisi sa pagkahawak upang di-lagutin ng hanging malakas.
3. Maingat naming pinalipad ang guryon upang di-tuluyang sumubsob sa lupa.
4. Ang buhay ay guryon, marupok at malikot.
5. Tuluyang umiikit ang saranggola, kasabay sa paglipas ng ating panahon.

Hanay (Saranggola)



- a. lubid
- b. mahina
- c. kumiling
- d. saranggola
- e. dumausdos
- f. malakas




Isaisip

Gawain 5. Pagsusuri sa sarili

Gamit ang talahanayan sa ibaba sagutin mo ang mga hinihinging impormasyon ayon sa nabanggit sa tula.

Ang dalawang bagay na aking natutuhan ay ...	Ang dalawang bagay na nakapagpaantig sa aking damdamin ay ...
1.	1.
2.	2.



Isagawa



Maglahad ng iyong opinyon hinggil sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng rehiyong Asya.

Handa ka na bang magbahagi ?

Gawain 6

Isulat sa mga dahon sa ibaba ang mga paliwanag kung bakit mahalaga ang pagiging mamamayan ng isang bansang Asyano?




Napakahusay ng iyong pahayag. Napakagaling!

Tara, tunghayan natin ang susunod na gawain.



Gawain 7. Bahay-Kubo ko, Tula Mo!

Mula sa iyong pahayag sa loob ng mga dahon sa **Gawain 6**, lumikha ng sariling tulang malaya na may 2-3 saking na nagpapahalaga bilang isang Asyano. Isulat ito sa loob ng bahay-kubo.



PAMANTAYAN	PUNTOS
Pagkakabuo <ul style="list-style-type: none"> • Angkop at wasto ang mga salitang ginamit • Pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya 	10
Nilalaman <ul style="list-style-type: none"> • Mensahe • Orihinalidad 	10
Hikayat	10
Kabuonan	30

Ang iyong mabubuong tula ay tatayahin sa kasunod na rubrik.

*Napakahusay mo
kaibigan. Binabati kita!*



Tayahin

Panuto. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Para sa aytem 1-3. Basahin ang ilang saknong ng mga piling tula.

My Titser, My Hero

Bagot na bagot ang aking pakiramdam,
Nang pumasok ako sa paaralan,
Minsan wala pang laman aming tiyan,
Ngunit 'di sumusuko sa anomang laban.

Silang mga personalidad dumaan kay titser,
Sinagip at inalagaan upang maging better,
Ordinaryong nilalang binigyang-kapangyarihan,
Hindi matatawaran kanilang kadakilaan.

Mapagod man, walang daing, walang katulad,
Susubukin, susuungin, kahit lumipad,
Haharapin, saan man mapadpad,
Maihatid lamang edukasyong nagpapaunlad.

1. Anong klaseng hanapbuhay ang binanggit sa tula?
 - A. Guro
 - B. Doctor
 - C. Abogado
 - D. inhenyero
2. Bakit tinaguriang dakila ang titser?
 - A. May angking kapangyarihan
 - B. Marunong mag-alaga ng mga bata
 - C. Hindi sumusuko kahit may sakit
 - D. Hangad nito ang pagkatuto ng mga kabataan

3. Anong mga sakripisyo ang dinanas ng tauhan sa tula?
- A. Pumapasok sa paaralan kahit walang kain.
 - B. Gumagawa ng mga gawaing pampaaralan.
 - C. Pinupuntahan ang mga batang walang interes sa pag-aaral.
 - D. Pinauunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral upang maging mabuting mamamayan ng bansa.

Para sa aytem 4-6

PAG-ASA

Mula kamusmusan ako'y namulat,
Sa mundong kaligayaha'y salat,
Pakiwari ko'y mahirap mabuhay,
Lumaban nang di masadlak sa hukay.

Mga problema'y sadyang mapanghamon,
Pagsisikap ko'y sa pamilya nakatuon,
Walang humpay ang panalangin ko sa Poon,
Sigaw ko ngayon, buhay ay maiahon!

4. Ano ang isinisigaw ng persona sa tula?
- A. Mahirap ang buhay.
 - B. Lumaban at matuto sa buhay.
 - C. Maiahon sa kahirapan ang pamilya.
 - D. May pag-asa anumang hamon sa buhay.
5. Anong kahalagahan sa buhay ang nais ituro ng akda?
- A. Maging matatag sa buhay
 - B. Maging kontento sa buhay
 - C. Manalangin upang mabuhay
 - D. Lumaban at matuto sa buhay
6. Ano ang nais ipahiwatig ng may-akda tungkol sa buhay?
- A. itaguyod
 - B. makulay
 - C. ilaban
 - D. di-tiyak

Para sa aytem 7-12

Pagsintang Walang Katuturan

Taglay mo'y kakisigan na hindi mapapantayan
Angking talino'y hindi matutumbasan
Paham sa iba't ibang larangan
Sa isports o musika man

Ngunit ang pag-irog ko sa iyo'y walang kaparakan
Ang pagsinta ko'y pawang dulot ay kaguluhan
Sapagkat pag-ibig mo'y sa iba na inilaan
Binigkis ng Diyos upang hindi maagaw kaninuman.

7. Kailan hindi mapapantayan at matutumbasan ang isang bagay?
 - A. May katulad siya.
 - B. Higit siya sa lahat.
 - C. Pantay ang katangian.
 - D. Mas mababa ang antas.
8. Ano kaya ang isang paham?
 - A. mapagpakumbaba
 - B. napakagaling
 - C. matapang
 - D. masayahin
9. Kanino kaya niya inialay ang kaniyang pagmamahal?
 - A. kaklase
 - B. kaibigan
 - C. magulang
 - D. Maykapal
10. Ano ang dahilan kung bakit hindi niya nakamit ang kaniyang minamahal?
 - A. Siya ay magpapari.
 - B. Siya ay may asawa na.
 - C. Siya ay magsisilbi sa politika.
 - D. Ang lalaki ay may ibang nililigawan.

11. Ano ang pinakamasidhing damdamin ng may-akda?
- A. Puno ng galit.
 - B. Hindi sumusuko.
 - C. Kawalan ng pag-asa.
 - D. Naaawa sa minamahal.
12. Kung maharap ka sa ganitong sitwasyon, ano ang gagawin mo?
- A. Maghahanap ng iba.
 - B. Ipaglalaban ang pag-ibig.
 - C. Susumbatan ang minamahal.
 - D. Hindi na magmamahal muli upang hindi maagaw ninuman.

Para sa aytem 13-14

Nang dahil sa iyo, lakas ko'y nag-uumapaw
Anomang tindi ng pagsubok 'di aatrasan
Buhay may iisa lang handa kong ialay
Hahamakin ang lahat huwag ka lang masaktan

13. Anong klaseng pag-ibig ang mahihinuha sa saknong?
- A. pag-ibig na mapaniil
 - B. pag-ibig na mapusok
 - C. pag-ibig na marubdob
 - D. pag-ibig na mapagparaya
14. Ano ang pangunahing ideya na nais ipaunawa ng may-akda sa mga mambabasa?
- A. Gagawin ang lahat para sa minamahal.
 - B. Nang dahil sa pag-ibig, masayang-masaya siya.
 - C. Dadaan siya ng maraming pagsubok para sa minamahal.
 - D. Handa niyang ialay ang kaniyang buhay para sa minamahal.


Para sa aytem 15

Kaysarap tingnan ang pamilyang masaya
Huwaran sa tuwina at nagkakaisa
Maging si ama, ina at buong pamilya
Nagtutulungan sa hirap at ginhawa

15. Anong klaseng pamilya ang mahihinuha sa tula?

- A. Buo ang kanilang pamilya.
- B. Nagtutulungan at nagkakaisa.
- C. Nagkakaisa dahil mayaman sila.
- D. Nagbibigayan kahit sila ay mahirap.

Naging madali ba sa iyo ang bahaging Tayahin? Lagyan mo ng tsek ang bilohaba.



Karagdagang Gawain



Nawa'y malawak na ang iyong kaalaman sa tinalakay nating aralin. Narito ang panghuling gawain.

Gawain 9 Guhit Mo, Tula Ko

Mula sa larawan ay lumikha ng isang tulang malaya na may dalawang sagnong at pamagat. Isulat ang nabuong tula sa hiwalay na papel.




Ang iyong mabubuong tula ay tatayahin sa kasunod na rubrik.

PAMANTAYAN	PUNTOS
<p>Pagkakabuo</p> <ul style="list-style-type: none"> • Angkop at wasto ang mga salitang ginamit • Pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya 	10
<p>Nilalaman</p> <ul style="list-style-type: none"> • mensahe • orihinalidad 	10
Hikayat	10
Kabuoan	30

*Kapuri-puri ang iyong likha.
Binabati kita sa iyong ginawa!*





Susi sa Pagwawasto

TAYAHIN

1. A
2. D
3. D
4. D
5. D
6. A
7. B
8. B
9. A
10. B
11. C
12. A
13. C
14. D
15. B

Gawain 5 ISAISIP

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral

Gawain 6 Pagsusuri sa Binasa

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral

Gawain 7 Bahay-Kubo Ko, Tula Moi

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral

Karagdagang Gawain 8

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral

SURIIN Gawain 2

1. E
2. D
3. C
4. A

Gawain 3

1. Tsek (/)
2. Tsek (/)
3. Eks (X)

Gawain 4 Pagyamanin

Ikonok Moi

1. D
2. A
3. E
4. B
5. C

SUBUKIN

1. A
2. D
3. A
4. C
5. A
6. D
7. C
8. D
9. B
10. A

Nakadepende sa sagot ng bata

Gawain 1 Opinyon ko Lang

Sanggunian:

Wika at Panitikan 3 pahina 191-192

Avena, Lorenza P. et al. (2000), *Wika at Panitikan III*, JGM & S Corporation. Don Pepe Cor. Simoun Sts. Sta Mesa Heights, Quezon City. ISBN 971-07-1574-7

Gangsa Interaktibong Aklat sa Filipino 1 pahina 290

Paquito, Badayos et al. (2003), *Gangsa 1 Wika at Panitikan*, Cacho Hermanos, Inc. Pines Corner Union Streets, Mandaluyong City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph